

## Pagbabalik ng Iyong Tahanan

Maraming dapat isaalang-alang pagkatapos ng sakuna. Ligtas bang pasukan ang iyong tahanan? Paano mo iniligtas at nilinis ang iyong mga pag-aari?

Para sa impormasyon sa pagbabalik sa iyong tahanan pagkatapos ng sakuna bisitahin ang: [http://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/program\\_offices/healthy\\_homes/disasterrecovery](http://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/program_offices/healthy_homes/disasterrecovery).

Kabilang sa mga makakatulong na suporta ang:

- Gabay sa Paglinis ng Amag pagkatapos ng Sakuna Para sa mga May-ari ng Tirahan at Nangungupahan (o Homeowners and Renters Guide to Mold Cleanup after Disasters).
- Mga Paraan ng Konsyumer para sa Pagpapaayos ng Tahanan Pagkatapos ng Sakuna (o Consumer Tips for Post-Disaster Home Restoration).
- Gabay sa Pagpapaayos para sa isang Ligtas at Malusog na Tahanan (o Guide to Post-disaster Restoration for a Safe and Healthy Home).
- Maaari mo ring i-download nang libre ang app na Muling Pagpapatayo ng mga Tahanan (o Rebuild Healthy Homes App).



## MAG-INGAT SA MGA SCAM

Mag-ingat sa mga scam sa tulong sa pag-utang ng mortgage (o mortgage loan assistance) o pagliligtas at iba pang mga naninilang taktika.

Iwasan ang mga nagsasabing sila ay makakatulong sa iyo sa iyong utang (o loan) o magpaayos ng iyong tahanan o iba pang serbisyong nangangailangan ng paunang pagbabayad. Mag-ingat sa mga hindi lisensyadong kontratista.

Huwag kailanman pumirma ng anumang bagay na hindi mo nauunawaan. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang [www.loanscamalert.com](http://www.loanscamalert.com), [www.HUD.gov](http://www.HUD.gov) o [www.FEMA.gov](http://www.FEMA.gov).

- Para sa impormasyon sa mga programa ng HUD bisitahin ang: [www.hud.gov](http://www.hud.gov).
- Mahahanap ng mga may-ari ng tirahan ang mga sagot sa mga tanong sa mga mortgage ng FHA sa: <http://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/FHFAQ>
- Ang karagdagang impormasyon sa tulong ng HUD sa panahon ng sakuna (o HUD disaster assistance) sa: <http://portal.hud.gov/hudportal/HUD?src=/info/disasterresources>

## KAGAWARAN NG PABAHAY AT PAGPAPAUNLAD NA PANLUNSOD NG ESTADOS UNIDOS



## Mga Suporta sa Pagbawi sa Sakuna



U.S. Department of Housing  
and Urban Development  
(Kagawaran ng Pabahay at  
Pagpapaunlad na Panlunsod ng Estados Unidos)

451 7th Street, SW  
Washington DC, 20410

Nirebisa : 9/7/16 (Tagalog)

Tagalog

## “ANO ANG AKING GAGAWIN PAGKATAPOS NG SAKUNA?”

Pagkatapos ng sakuna, ang bawat taong naapektuhan ay agad na mangangailangan ng mga serbisyong pang-emerhensya – medikal na atensyon, pagkain, tubig, tirahan. Ito ay isang mahirap at nakababahalang panahon ngunit tandaang nariyan ang iba upang ikaw ay suportahan sa bawat hakbang.

### *Mag-aplay para sa tulong mula sa Pederal na Ahensya ng Pamamahala ng Emerhensya (FEMA) at Pamahalaan ng Maliit na Negosyo (SBA)*

Kahit na ikaw ay hindi isang may-ari ng negosyo, ikaw ay dapat na mag-aplay para sa tulong sa pamamagitan ng SBA o tumanggap ng pinakalamaking tulong kung saan ikaw ay karapat-dapat mula sa FEMA.

Ang mga residente at may-ari ng negosyo na nakaranas ng mga pagkawala na may kaugnay sa sakuna ay maaaring mag-aplay para sa tulong mula sa FEMA sa: [1-800-621-3362](tel:1-800-621-3362)

Para sa TTY tumawag sa 1-800-462-7585, at para sa 711 relay o Video Relay Service (VRS) tumawag sa 1-800-621-3362. Upang mahanap ang pinakamalapit na Sentro ng Pagbawi mula sa Sakuna (o Disaster Recovery Center) kung saan ikaw ay maaaring mag-aplay para sa tulong bisitahin ang: <http://asd.fema.gov/inter/locator/home.htm>

Mag-aplay online sa: [www.DisasterAssistance.gov](http://www.DisasterAssistance.gov)

### *Tulong ng HUD para sa mga nangungupahan at may-ari ng tirahan*

- Kung kayo ay naninirahan sa pampublikong pabahay, yunit ng Seksyon 8 o may Housing Choice Voucher makipag-ugnay sa tagapagbigay ng pabahay (o housing provider) na dating tumulong sa iyo bago ang sakuna at sa HUD sa:

[1-800-955-2232](tel:1-800-955-2232) para sa mga residente ng pampublikong pabahay at may hawak ng Housing Choice Voucher.

[1-800-685-8470](tel:1-800-685-8470) para sa mga residente ng yunit ng Seksyon 8.

- moratorium sa 90-araw na foreclosure ay makukuha para sa mga loan ng pabahay na naka-insure sa FHA pagkatapos ng Sakunang Idineklara ng Pangulo. Para sa impormasyon tumawag sa: [1-800-225-5342](tel:1-800-225-5342).
- Makipag-ugnay sa HUD para sa impormasyon sa mga programang pinauupahang pabahay na pederal na sinusupportahan kabilang ang mga tagapagbigay (provider) sa iyong lugar sa: [1-800-955-2232](tel:1-800-955-2232) o [1-800-685-8470](tel:1-800-685-8470).
- Ang programang Seksyon 203(h) ng HUD at nagbibigay ng seguro ng FHA sa mga biktima ng sakuna sa nawalan ng kanilang mga tirahan at humaharap sa mahirap na gawain ng muling pagpapatayo at pagbili ng panibagong tirahan. Ang mga humihiram sa mga kasaling nagpapautang na inaprubahan ng FHA ay karapat-dapat para sa 100 porsyentong pagpipinansa, kabilang ang mga gastos sa closing (o closing cost). Para sa impormasyon tumawag sa: [1-800-225-5342](tel:1-800-225-5342).
- Ang programang loan ng Seksyon 203(k) ng HUD ay nagpapahintulot sa mga nakaligtas sa sakuna na pinansyahan ang pagbili o pag-refinance ng bahay kasama ang pagpapayos nito sa pamamagitan ng iisang mortgage. Pinahihintulutan din nito ang mga may-ari ng tirahan na may mga nasirang bahay na pinansyahan ang rehabilitasyon ng kanilang kasalukuyang tahananang pang-isang pamilya Para sa impormasyon tumawag sa: [1-800-225-5342](tel:1-800-225-5342).
- Kung ikaw ay may-ari ng tirahang nag-aalala sa foreclosure o may mga tanong tungkol sa mga susunod na hakbang sa iyong tahanan makipag-ugnay sa ahensyang tagapayo sa pabahay na inaprubahan ng HUD sa [1-800-569-4287](tel:1-800-569-4287). Hindi mo kailangang magkaroon ng isang FHA loan upang makipagpulong sa tagapagpayong ahensya ng pabahay na inaprubahan ng HUD at walang kailanmang bayad para sa pagpapayo sa pagpigil sa foreclosure.
- Dumanas ka ba ng diskriminasyon sa pabahay pagkatapos ng sakuna? Makipag-ugnay sa HUD upang mag-file ng reklamo sa: [1-800-669-9777](tel:1-800-669-9777) o [1-888-560-8913](tel:1-888-560-8913).

### *Tulong ng HUD para sa Pang-estado at Lokal na mga Ahensya ng Pamahalaan*

- Ang Gawad sa Pagpapaunlad ng Komunidad ng HUD (o HUD Community Development Block Grant (CDBG)) at mga programang HOME ay nagbibigay sa Estado at mga komunidad ng pleksibilidad upang ilaan ang milyun-milyong dolyar sa taunang pormula ng pagpopondo upang tugunan ang mga kritikal na pangangailangan, kabilang ang pabahay at mga serbisyo para sa mga biktima ng sakuna.
- Sa ilalim ng programang Seksyon 108, ang HUD ay maghahandog sa mga pang-estado at lokal na pamahalaan ng mga ginarentiyang loan o utang para sa rehabilitasyon ng pabahay, pang-ekonomiyang pagpapaunlad at pagpapayos ng pampublikong imprastraktura.
- Ang HUD ay nagbibigay ng pagpopondo sa Gawad sa Pagpapaunlad ng Indyanong Komunidad (o Indian Community Development Block Grant) para sa napipintong banta sa mga lugar ng Indyanong Pabahay at Tribo.
- Ang HUD ay maaaring magkaroon ng pagpopondo para sa mga awtoridad ng pampublikong pabahay (o public housing authorities (PHAs)) upang tumulong na maipayos ang mga nasilang ari-arian.
- Ang Kagawaran ay magbabahagi ng impormasyon kasama ang FEMA at Estado sa mga tagapagbigay ng pabahay (o housing provider) na maaaring magkaroon ng mga yunit sa mga naapektuhang county. Kabilang dito ang mga Ahensya sa Pampublikong Pabahay at mga may-ari ng Multi-Family. Tuugnay rin ng Kagawaran ang FEMA at Estado sa mga eksperto ng paksa (o subject matter experts) upang magbigay ng impormasyon sa mga programa ng HUD at tagapagbigay ng tirahan (o provider).
- Ang HUD ay naghahandog ng tulong sa mga nag-iisyu ng Ginnie Mae sa mga lugar na naapektuhan ng sakuna sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong sa mga nag-iisyu ng seguridad na sinuportahan ng mortgage (o mortgage-backed securities (MBS)) na may malaking pagtuon sa mga loan sa loob ng mga naapektuhang lugar. Ang tulong ay kinabibilangan ng tulong sa pagbabayad sa mga tagapuhunan sa MBS kapag ang mga may-ari ng tirahan ay hindi makapagbayad, at patanggal ng mga delingkwenteng loan mula sa estatistiko ng pagkadelingkwente na ginamit sa pagmomonitor ng panganib.